
# MAGSALITA KA O MANAHIMIK

**A Lord's Flock Praise & Worship Topic**

Ni: Fr. Eduardo Mayo, OFM CAP

Nobyembre 16, 2024

Ang ating pangunahing oryentasyon bilang Kristyano ay gawin nang buong puso na waring hindi sa tao naglilingkod kundi sa Panginoon. (Colossians 3:23-24). Sa lahat ng aspekto, nakikita natin ang ating sarili bilang mga lingkod at tumutulad sa ating Panginoon. Kahit na mahalaga ang opinyon ng ibang tao, binibigyan ng higit na halaga ang pagsunod sa Panginoon nang buong puso. Kaya, gaya ni Hesus na pawang totoo ang sinasabi, dapat maging saksi tayo sa ibang tao ng Kanyang kabutihan. Ngunit, may sinasabi sa Ecclesiastes 3:7, "may panahon ng pananahimik at may panahon ng pagsasalita." Kaya, dapat marunong tayong magbalanse kung kailan magsalita at manahimik.



1. **Kabutihan at Bisyo**
   1.1. **Ang birtud o kabutihan** ay nakagawian at matatag na disposisyon sa paggawa ng mabuti, at pagbigay ng lahat ng makakaya. Ipinapakita nito ang mabuting pag-uugali ng tao na may mataas na moralidad. Ang galaw ng mabuting tao ay tungo sa maayos na paggamit ng kanyang pandama at kapangyarihang espiritwal. Ang layunin ay maging katulad ng Diyos; ngunit, posible lamang ito sa tulong at gabay ng Diyos.
   1.2. **Ang bisyo** ay nakasisira sa kabutihan ng pananaw ng Diyos, hindi sa pananaw ng mga kasamahan. Ang mga <u>*theological virtues*</u> ay pananampalataya, pag-asa at kawanggawa; ang mga <u>*human virtues*</u> ay kahinahunan, katarungan, katatagan ng loob at pagtitimpi. Ang mga <u>kaloob ng Espiritu Santo</u> ay kaalaman, pang-unawa, karunungan, kakayahang magpaliwanag, lakas ng loob, kabanalan, takot sa Diyos (1 Cor.12:8-10). Iwasan natin ang lahat ng kapaitan, galit para hindi magdalamhati ang Espiritu Santo. Sa kabila nito, dapat maging mabuti tayo sa kapwa, mahabagin, at mapagpatawad, tulad ng pagpapatawad ng Diyos sa atin, (Eph. 4:30-32).
2. **Kailan tayo dapat magsasalita?**
   Dapat tayong magsalita kung sa palagay natin ikabubuti ito ng kapwa, kahit sa pamamagitan ng pagkastigo, pagpapaalala, pagtutuwid, o pagtuturo.
   2.1. Nakasasaksi tayo ng kamalian o kawalan ng katarungan.
   2.2. Katuwiran o nasa panganib ang pangkalahatang kapakanan.
   2.3. May pagkakataon tayong ipangaral ang Mabuting Balita (Mark 16:15-16).
   2.4. Kailangan nating iwasto ang kapatid kay Kristo kung siya'y nagkasala, (Mt 18:15-18).
3. **Mga dapat pag-isipan bago magsalita:**
   *3.1.* **Manalangin.** Humingi tayo ng tulong at gabay sa Diyos ano ang tamang sasabihin.
   *3.2.* **Makinig nang mabuti**. Unawaing mabuti ang sitwasyon o *kanyang pakiramdam*
   *3.3.* **Magsalita nang may pag-ibig sa kapwa.** *Kung magsasalita, tayo ba ay nagsisikap na makagawa ng mabuti, o pinatutunayan nating tama tayo? Kung mali ang motibasyon, manahimik; ngunit kung talagang nagmamalasakit tayo, magsalita.*
   *3.4.* **Humandang umurong o lumayo.** *Kung nasabi na ang lahat at ang usapan ay paikot-ikot lamang, lumayo na. Umurong kung sarado ang puso o nagbibingi-bingihan.*
   *3.5.* **Suriin at pagnilayan nang taos-puso**. *Kung lumayo tayo, magkaroon nang tapat na pagtatasa sa sarili (mayroon bang mas mabuting paraan ng pag-uusap?) Kung sakaling may iba pang pagkakataon, baka mas maganda pa ang ating masasabi.*
4. <u>**Kailan tayo dapat manahimik?**</u>
   3.1 Kung nasaktan tayo at natuksong mamintas.
   3.2 Kailangang magnilay para maiwasan ang mga salitang makasasakit sa kapwa tao.

**Konklusyon:**

Bilang Kristyano, kailangan natin magsalita nang may kabaitan, pakikiramay, at pag-ibig. Tularan natin ang walang pasubaling pag-ibig na ibinigay ni Hesus sa atin ("agape" sa Griyego). Ito na marahil ang pinakamabuti nating magagawa sa kapwa, sabihin ang totoo dahil kung hindi, baka maligaw sila ng landas. Ang tunay na nagmamahal ay magsasabi ang totoo maski ito'y masakit.

**Panninilay:**

1. Kailan ka magsasalita ng iyong espiritwal na katotohanan?
2. Ano ang iyong kahinaan sa pagsasalita? Paano mo matutulungan ang taong sarado ang puso at nagbibingi-bingihan?

**SCRIBES Ministry**
Isinalin ni: Nida A. Cruz
https://lordsflock.org/teachings/digests
Tags: #Pagsasalita, #kabutihan